



Enero 12, 2018

PANDIBISYONG MEMORANDUM


Blg. 31, s. 2018

ADDENDUM SA PM. BLG. 743, S. 2017 –PAGLULUNSD NG SANAYANG AKLAT SA FILIPINO

PARA SA : Katuwang na Tagapamanihala ng Dibisyon
 Mga Hepe ng Dibisyon
 Mga Superbisor ng Programang Edukasyon
 Mga Tagamasid ng Purok
 Mga Punong-guro

1. Ipinapaalam ng opisang ito ang Paglulunsad ng Sanayang Aklat sa Filipino na gagawin ngayong Enero 19, 2018 @ 9:00 n.u. sa Negros Oriental Convention Center, Lungsod Dumaguete.
2. Ang mga kalahok sa paglulunsad na ito ay ang lahat na mga administrador ng elementarya at sekundarya, PSDS, EPS, Section Heads, division personnel, mga manunulat, mga tagadisenyo, mga piling bisita.
3. Ang bawat kalahok ay magbabayad ng rehistrasyon na Anim na raan at limampu (P650) para sa polo shirt (isusuot sa araw ng paglulunsad), pagkain, sound system, at iba pa na manggagaling sa MOOE ng eskwelahan/dibisyon/PTA/SEF at iba pang pondo na diritsong kakaltasin mula sa kanilang MOOE. Samantalang ang mga kalahok mula sa mga Implementing Unit ay dapat na magbabayad sa Cashier ng dibisyon.
4. Hinihiling mula sa mga tagamasid ng purok na kunin ang mga polo shirt para sa kanilang distrito ~~ngayong Miyerkules ng hapon, Enero 17, 2018.~~
5. Ang lahat din na may bahagi sa palatuntunan, mga kasapi ng produksiyong bilang, mga komiti, manunulat at mga tagadisenyo ay magkakaroon ng rehersal at paghahanda ngayong Huwebes, Enero 18, 2018.
6. Transportasyon/pamasahe at iba pang gastusin ng mga kalahok ay manggagaling sa MOOE /PTA/SEF/ at iba pang lokal na pondo alinsunod sa pamantayan at regulasyon ng COA.
7. Malawak at maagap na desiminasyon ng memorandum na ito ay nais.

Para sa Tagapamanihala ng Dibisyon


ERLINDA N. SALUMPANG, ED.D.
Hepe, CID
Office-In-charge

ENC/raj

12 JAN 2018